Mga Talata sa Bibliya tungkol sa Diyos Ama

Kevin L. Engle

Salin sa Tagalog ng “Bible Verses on God the Father”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Mga Talata sa Bibliya tungkol sa Diyos Ama

Psalm 2:7

7 Aking sasaysayin ang pasiya: sinabi sa akin ng Panginoon, Ikaw ay aking Anak; sa araw na ito ay ipinanganak kita. (salin)

Matthew 3:16-17

16 At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa tubig: at narito, nangabuksan sa kaniya ang mga langit, at nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kaniya; (salin)

17 At narito, ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan. (salin)

Matthew 6:6

6 Datapuwa't ikaw, pagka ikaw ay mananalangin, ay pumasok ka sa iyong silid, at pagkasara mo ng iyong pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na tumitingin sa lihim ay gagantihin ka. (salin)

Matthew 11:27

27 Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa akin ng aking Ama: at sinoma'y hindi nakakikilala sa Anak, kundi ang Ama; at sinoma'y hindi nakakikilala sa Ama, kundi ang Anak, at yaong sa kanino'y ibig ng Anak na ipakilala siya. (salin)

Matthew 28:19

19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong
mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong
bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng
Espiritu Santo:

Luke 10:21-22

21 Nang oras ding yaon ay nagalak siya sa Espiritu
Santo, at nagsabi, Ako'y nagpapasalamat sa iyo, Oh
Ama, Panginoon ng langit at ng lupa, na iyong inilihim
ang mga bagay na ito sa mga marunong at matalino, at
ipinahayag mo sa mga sanggol: oo, Ama; sapagka't
gayon ang minagaling mo. (salin)

22 Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa akin ng aking
Ama: at sinoma'y hindi nakakikilala kung sino ang Anak,
kundi ang Ama; at kung sino ang Ama, kundi ang Anak,
at yaong sa kanino'y ibig ng Anak na ipakilala siya.
(salin)

Mark 1:11

11 At may isang tinig na nagmula sa mga langit, Ikaw
ang sinisinta kong Anak, sa iyo ako lubos na nalulugod.
(salin)

Mark 14:36

36 At sinabi niya, Abba, Ama, ang lahat ng mga bagay ay
pawang mangyayari sa iyo; ilayo mo sa akin ang sarong
ito: gayon ma'y hindi ang ayon sa ibig ko, kundi ang
ayon sa ibig mo. (salin)

Luke 12:32

32 Huwag kang matakot, munting kawan; sapagka't kinaluluguran ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang kaharian.

John 1:1

1 Nang pasimula pa ay ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.

John 1:12

12 Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan: (salin)

John 1:14

14 At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak ng Ama), puspos ng biyaya at katotohanan.

John 1:18

18 Kailan ma'y walang taong nakakita sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, ay siyang nagpakilala sa kaniya.

John 3:13

13 At walang taong umakyat sa langit, kundi ang bumaba mula sa langit, sa makatuwid baga'y ang Anak ng tao, na nasa langit. (salin)

John 3:16

16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sumampalataya sa kaniya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

John 10:30

30 Ako at ang Ama ay iisa.

John 14:2

2 Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo; sapagka't ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng kalalagyan.

John 14:6

6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoma'y hindi makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.

John 14:9-11

9 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Malaon nang panahong ako'y kasama ninyo, at hindi mo pa ako nakikilala, Felipe? ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama; paano ngang sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama? (salin)

John 14:10

10 Hindi ka baga sumasampalataya na ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin? ang mga salitang sinasabi ko sa inyo ay hindi ko sinasalita na mula sa aking sarili: kundi ang Ama na tumatahan sa akin ay siyang gumagawa ng kaniyang mga gawa. (salin)

John 14:21

21 Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya'y aking iibigin, at ako'y magpapakahayag sa kaniya. (salin)

John 14:23

23 Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Kung ang isang tao ay umiibig sa akin, ay tutuparin niya ang aking salita: at siya'y iibigin ng aking Ama, at kami'y pasasa kaniya, at kami'y magsisitahan sa kaniya. (salin)

John 14:26

26 Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, ay siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala sa inyo ng lahat na sa inyo'y aking sinabi. (salin)

John 20:17

17 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakaaakyat sa Ama: datapuwa't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios. (salin)

Romans 8:29

29 Sapagka't ang mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya'y maging panganay sa maraming magkakapatid: (salin)

Romans 15:6

6 Upang kayo'y magkaisa ng kalooban na luwalhatiin ng isang bibig ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo. (salin)

1 Corinthians 8:6

6 Nguni't sa ganang atin ay may isang Dios lamang, ang Ama, na sa kaniya'y nagmula ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa kaniya; at isang Panginoon, si Jesucristo, na sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya. (salin)

2 Corinthians 1:3-4

3 Purihin ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, ang Ama ng mga kahabagan at Dios ng buong kaaliwan; (salin)

4 Na siyang umaaliw sa amin sa lahat ng aming kapighatian, upang kami ay makaaliw sa mga nasa anomang kapighatian, sa pamamagitan ng kaaliwan na ipinangaaliw sa amin ng Dios. (salin)

Ephesians 1:3

3 Purihin ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na tayo'y pinagpala ng bawa't pagpapalang ayon sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo: (salin)

Colossians 1:15

15 Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay sa lahat ng nilalang;

1 Peter 1:3

3 Purihin ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na ayon sa kaniyang malaking kahabagan ay ipinanganak tayong muli sa isang buhay na pagasa sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesucristo sa mga patay, (salin)

1 John 3:1

1 Masdan ninyo kung anong pagibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y tawaging mga anak ng Dios: dahil dito'y hindi tayo nakikilala ng sanglibutan, sapagka't hindi nakilala siya. (salin)